

Pagpapalawak sa Lynnwood Link: Northgate hanggang sa Lynnwood City Center



Ang dapat mong malaman:

- Pinapalawak ang 1 Line mula sa Northgate hanggang sa Lynnwood, at posible na itong magbukas kaagad sa tag-init/taglagas ng 2024. Puwedeng umandar ang mga tren kada walong minuto sa mga abalang oras mula Lunes hanggang Biyernes.
- Halos madodoble ang serbisyo sa Lynnwood kapag nagbukas na ang buong 2 Line sa 2025.

Sa tag-init/taglagas pa lang ng 2024, posible nang palawakin ang Link Light Rail mula sa Northgate hanggang sa Snohomish County, na magseserbisyo sa apat na bagong estasyon: Shoreline South/148th, Shoreline North/185th, Mountlake Terrace, at Lynnwood City Center. Magbubukas ng isang karagdagang estasyon sa NE 130th Street sa 2026.

Nakaplano talagang magbukas ng serbisyo sa Lynnwood para palawakin ang 1 Line (Lynnwood–Angle Lake) at ang 2 Line (Lynnwood–Redmond). Pero dahil sa mga pagkaantala ng konstruksiyon sa tulay na I-90 na nagpaantala sa serbisyo ng 2 Line hanggang sa 2025, patatakbuhan na lang muna ang serbisyo sa Lynnwood bilang pagpapalawak sa 1 Line, na may mga tren ng hanggang kada walong minuto sa mga abalang oras, kada 10 minuto sa tanghali, gabi at weekend, at kada 15 minuto sa madaling araw at sa dis-oras ng gabi.

Patuloy na susuriin ng Sound Transit kung gaano kadalas paaandarin ang mga tren kapag nagbukas na ang apat na bagong estasyon sa susunod na taon. Inaasahan ng Sound Transit na mapupuno paminsan-minsan ang mga tren dahil mas kaunti ang mga treng paaandarin kaysa sa nakaplano at gumagana para makapagbigay ng pinakamaayos na serbisyong posible batay sa mga limitasyon.

Makakakuha ka ng mga update tungkol sa progreso ng konstruksiyon at sa mga petsa ng pagbubukas ng serbisyo para dito at sa iba pang [mga proyekto rito](#) ng Sound Transit.

Babaguhin ng mga kaakibat na ahensiya ang serbisyo ng bus para maikonektar ang mga tren ng Link. Pumunta sa [website ng Lynnwood Link Connections ng King County Metro](#) at sa [page ng Transit Changes](#) ng Community Transit para sa ibang detalye.

Puwedeng magbago ang mga timeline. Ang mga mungkahing ito ay hindi pa pinal at maaari pang magbago, bahagyang ipatupad o ipagpaliban bilang tugon sa kapasidad sa pagpapatakbo ng kaakibat na ahensiya.

